Presidential Communications Operations Office

Presidential News Desk

TALK TO THE PEOPLE OF

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE

ON CORONAVIRUS DISEASE 2019 (COVID-19)

[25 January 2021]

PRESIDENT RODRIGO ROA DUTERTE: Magandang gabi po sa inyong lahat mga kababayan. Sana ay nasa mabuti kayong kamay ngayon ng Diyos at COVID-free hanggang ngayon.

You know, we continue to rise sa transmission sa COVID. We are still trying to figure out itong mga scientists, itong mga statisticians, and those who have knowledge of how it is done kung saan ito. It could be a late reaction doon sa mga congregation ng mga tao or it could also be the present situation where a lot of people are around, out of their residences, most of the Filipinos doing their work or employment for their livelihood.

Hindi ko kasi mapigil na and I do not think any country can really do that na kulungin ko kayo lahat. Unless of course it becomes a plague itong mga sometimes they call it itong mga contagion as a plague.

When people are dying on the streets then maybe I could use the draconian measures of telling everybody to stay put inside their houses. Ang problema is how to sustain 'yung mga wala --- 'yung isang tuka, isang kahig; isang kahig, isang tuka.

So it behooves now on government to really answer for their daily needs. And I think that we will be able to surmount kung kain lang but it would also, at the same time, kill the economy because nobody's working. Again, we'd go back to the non-productivity of the economy. Walang nagtatrabaho, walang output, walang nagbabayad, walang nagbebenta, at lahat na.

So we continue to pray. Kami dito kasi it's still rising. Umaabot na ng more than 500[,000] ang tinamaan. I hope it would not reach millions because then we would be in serious trouble. We would be no better than the other countries whose rise are really exponential.

Ang problema nito is how you maybe obey the protocols of maghugas then mask. Ang mask makakatulong 'yan. It does not provide actually 100 percent. Hindi kami nagsasabi nag-mask, hindi ka tatamaan. Pero you'll reduce it by about --- ako tingin ko, in my own estimate, layman lang ako sa mga bagay na ito kasi hindi ako doktor, I'm not a medical person --- it will give you something like 80 percent ano basta worn properly. Kasi 'yung iba nagma-mask tapos nakikita ko 'yung ilong ninyo sumasabit doon just on the edge of the mask, the upper portion. So it does not really give a relief at all kung ganoon ang --- ka-careless ang tao na gumagamit.

I hope that you would be religious in obeying the injunctions na sinasabi ng mga ating medical persons simply because we are trying to save our country.

Nakakaawa naman kung --- mabuti't na lang 'yung tinamaan na mayroong talagang resources. Pero 'yung wala ang nakakaawa.

For the sake of humanity, 'yung kapwa mo tao, bayan mo, kindly obey the protocols: washing of the hands --- sana susundin ninyo ito.

Iyong restrictions na lifting the age of 10 to 14 age group sa MGCQ areas na palabasin na 'yung mga 10 to 14, I am compelled --- it has nothing to do with their incompetence, not at all --- ang akin is a precaution because there is or there was or is strain discovered in the Cordillera na 'yung that is very similar to the strain dito sa United Kingdom.

How it got there is beyond me. Hindi ko talaga --- bakit dumating doon. But nandoon nakita naman nila and I trust that our doctors, our medical workers are really competent enough to determine this situation existing.

So balik ho kayo sa bahay muna and besides 10 o --- 'yung 10 years old to 14... Itong medyo matanda na mahirap ito i-manage but itong mga 10, 11, 12 puwede na 'yan sila sa TV. They can glue their attention sa TV the whole day.

Pasensiya na po kayo. Mine is just a precaution. Wala itong bisa… Takot lang ako kasi itong bagong strain strikes the young children. Itong original na COVID, hardly if at all, na wala kang marinig na may bata. Mayroon one or

two and you can count it by the fingers of your hands kung ilan ang bata na tinamaan.

Hindi eh, hindi sila mukhang --- hindi naman vulnerable but the infection is not easily acquired. Pero ngayon, according to the studies, balita lang man rin ito ng United Kingdom, nag-warning si Johnson, 'yung Prime Minister nila that it can af --- you know, that kind of affliction can, well, walang limit sa edad kung ilan. So it does not have any cut-off there.

So just to be sure and in our desire to protect our people, napilitan akong i-reimpose 'yung 10 to 14. Not at this time. It's a sacrifice for the parents and for the children. It would limit their movements and their --- you know, that's about the time when they are playful and they need space to, you know, move. Iyan ang problema. Hindi natin sigurado.

Once it is confirmed na talagang ang mga bata tinatamaan pati as young as 10 years old or even younger, well that order will subsist until such time that everybody will be safe by the bakuna. So habulan ito.

And I'd like to report to you again that we are doing our very best si Secretary Galvez, si General Galvez, is there.

Ang ano ko lang ganito, mayroong iba diyan because wala silang nakuha kay Galvez kay wala man talaga, walang pera, laway pa lang ito lahat, conversation, istorya, mayroon na nagsasabi may corruption o na they were able to obstruct or prevent corruption because of their timely int... Alam mo nag --- mga bulador kayo.

Mag-usap nga tayo, iyang tayo lang. Kung sinong nagsabi niyan, please rise and be brave enough to say that you are the one. I'd like to talk to you, tayo lang dalawa. Maski saan mo gusto, sa bahay mo para medyo maganda ang usapan o hindi sa labas kasi bawal. You can do it in the --- there in the house, at the office at Pasig.

Pinapalabas na napigil --- napigilan namin 'yung corruption timely dahil sa 'pag... Wala pa, sinasabi na nga na ang bayad diyan maging ano man, pera na cold cash or papel. Papel lang 'yan, hindi 'yan magpadala ng pera doon

na papel 'yan sa bangko, 'yan o, that it will be credited sa account kung sinong manufacturer.

Hindi hahawak si... Walang hahawak ng pera diyan actually. Kaya diyan ako na --- kasi walang nakuha and they are still trying to pick the brains of Galvez looking for something which is not there at all.

Dito tayo sa... Well, just to show that we are in the process of still cleansing government, ang na-dismiss sa service, si Rodrigo --- hindi Duterte ha --- Rodrigo Valencia, Administrative Aide IV, DSWD Central Office.

Si Godofredo Estepa Jr., Administrative Unit Chief, DSWD --- DSWD 'to lahat --- inefficiency and incompetence in the performance of duties, one year suspension.

Ian Ann Girose S. [Bentibano], Accountant, DSWD Field Office NCR - inefficiency and incompetence in the performance of official duties, simple discourtesy in the court --- in the course ito --- in the course of official duties.

Alam mo ba kung bakit? P***. Kayo --- kayong nasa gobyerno, lahat-lahat, pulis, tayo pati presidente, kayo lahat, tayo, tayo lahat dito, maraming Pilipino na bright na walang trabaho. Diyan sa Civil Service, maraming nakalista diyan first grade eligible na hanggang ngayon hindi pa nakakita ng trabaho.

I suggest na kayong mga first grade eligible, huwag na kailangan kayong mag-padrino-padrino. Mag-apply kayo sa Civil Service, the Civil Service will check the recommendations and I'll appoint you.

Hindi na ako maghanap ng --- walang pulitika. Pagka magdala ka sa akin ng application tapos may sulat na ganito, "I endorse sa..." Wala 'yan.

Ricky Bunao, Officer V ng Center Head of Haven for Elderly, DSWD - serious dishonesty, grave misconduct, conduct prejudicial to the best interest of the service. Six months. I will ask for the papers, ipa-forward sa opisina ko sa Pasig River diyan. I will terminate them.

Evelyn Santoyo, Municipal Link, DSWD - disgraceful and immoral conduct. Ano kayang ginawa nito niya? Disgraceful and immoral conduct, suspended for six months.

Si Asela Bela Tse, Provincial Link, DSWD Field Office - serious dishonesty. Well, of course, you have to go. I am asking the DSWD General Bautista to send me the papers. I will try to review and baka i-overhaul ko kayo at I will decide to dismiss them.

Ben Calzado, Warehouse Manager, DSWD Field Office - inefficiency, incompetence in the performance of official duties. Suspended for one year. Incompetence. Ewan ko kung madala pa ba ito.

Carmelita Roxan Cruz, Provincial Development Officer, DSWD Field Office 10 - serious dishonesty, grave misconduct, contracting loans of money or other property from persons with whom the office of the employee has business relations. This is a serious offense. Tama 'yan, dismissed from the service. No motion for reconsideration 'yan. Iyan na muna. DSWD 'yon.

Ngayon, mayroon tayo dito kaya I asked the permission of the body to allow me a little time unahin ito. Itong p**… Itong corruption --- at I am speaking in behalf of sa amin lahat dito --- 'yung gamitan ng pangalan.

Alam mo kami politiko, lalo na noong election, kung sinong lumapit sa amin magpa-photo, o 'di pinagbigyan. Politiko, boto 'yan eh. Ngayon, peace time na, tapos na ang election, itong lokohan na pakita nila katabi ko sila o sa kasal na magkakumare, kumpare kami, tapos may nilalakad, tapos sabihin na lalakarin namin 'yang papel mo, bigyan mo kami ng down payment ng ano…

Mga kababayan ko, mahirap lang kami pero hindi --- I'm sure kaming lahat hindi namin daanin sa may utusan kami.

'Pag binanggit 'yung pangalan ni Secretary Lorenzana, Secretary Galvez, Secretary Duque, 'pag ginamit 'yung mga pangalan nila diyan sa mga

contract purchase, the mere fact na naggamit ng pangalan, wala ‘yan. Walang pumapatol dito sa amin ng ganoon, iyang lakarin.

On the other hand, kung malaman namin, madisgrasya ka pa. Iyong may mga tao na nag-iikot na sabi nila lalakarin nila, alam mo ang gawain ninyo kung nagbigay na kayo ng pera, purnada talaga kayo kay hindi naman totoo ‘yan. Saksakin na lang ninyo. Saksakin na lang ninyo.

Huwag mong barilin kasi maingay. Madali kang mahuli. Saksakin na lang ninyo. Wala ‘yan. Ito ‘yung mga parasites, mga linta, and they thrive on the gullible iyong pati ‘yung naive na lolokohin mo ‘yung kapwa mo tao.

Kasi kung alam mo kung straight ka, ang contract mo maganda, kumpleto, walang kulang, you do not have to convince anybody that it is really good because it is really good. Then ba’t --- ba’t kayo pumasok…? Maniwala itong mga tao na ito.

Wala --- marami ito umiikot. Marami. Ang NBI nito may nahuhuli araw-araw. Ngayon ang --- para matapos na ito, lahat sa NBI pati pulis, sa lahat na mahuli ninyo sa mga ganoon dalhin ninyo sa opisina ko. Gusto ko lang silang kausapin. Gusto ko silang makausap bakit ganyan ang hanapbuhay nila kasi lokohan eh. Iyan ang problema diyan.

Alam mo, walang nagpapaloko --- walang, walang naloko kung walang magpapako --- magpapaloko. I am calling on the NBI to double their time pangpahuli nito. Hulihin ninyo ito tapos kung ano, ma-detain ninyo ‘yan sa gabi, wala pa naman ‘yung --- bago ninyo dalhin sa korte to --- for filing of the cha --- idaan mo nga sa Malacañan. Tignan ko lang ang pagmumukha nito.

Ang sarap kasing mag-ganoon ng mukha, mag --- iyang mukha ng tao paliitin mo kasi maraming sumbong dito sa amin. Fifth --- fifth year ko --- fifth year ko ngayon lang ako mag-umpisa na magkurakot. Bakit hindi ko inumpisahan noong 23 years ako mayor?

Eh 'di marami na sana akong pera kung tumakbo ako ng eleksyon. Ang mga heads of office, secretary, alam nila 'yan. Basta itong masabi ko sa iyo, mahilig ako sa pakain --- ipakain 'yung ano eh, papel.

Siguraduhin mo lang na iyong transaction na nilalakad mo, iilan-ilan lang 'yung papel. Eh kung bulto 'yan, magtae ka talaga ng papel limang araw. Itong isa pa, may lumalapit, umiikot, tignan mo. Maraming naisip itong mga kaloko...

Lapitan ka nila. Kunwari itong si --- kunwari lang, tutal ito dismissed na 'to eh --- Rodrigo Valencia. Lapitan 'yan siya tapos sabihin lalakarin namin na 'yung dismissal mo mapaiba, suspension na lang. Isang araw na lang ang suspension mo. Hindi na dismissal.

Kung ikaw naman si Rodrigo Valencia, eh puntahan mo na lang ako. Ibigay mo 'yung pera para kainin mo. Marami ito. Kaya ito rin kung matimingan mo sa dilim, saksakin mo rin. Iyan ang dapat sa mga tao na...

Let us now begin the meeting. Wala man itong ano. We'd call upon General Galvez to make the report.

[Doble-doble ang mask mo ha.]

PRESIDENTIAL ADVISER ON PEACE PROCESS AND NTF COVID-19 CHIEF IMPLEMENTER CARLITO GALVEZ JR.: Mr. President, Mayor; sa ating minamahal na Senator on --- on Health --- Committee on Health; and my fellow Cabinet members, good evening.

We are now on the takeoff the preparations for our rollout for vaccines and our briefing outline will be shown.

[Next slide, please.]

Mr. President, I will brief you on the rollout being conducted by the global community. And makikita rin po natin, sir, 'yung mga different vaccines that are being used. And also, we will make some reports sa preparation po natin sa NCR at saka 'yung pag-visit po namin ni secretary --- Secretary Duque sa mga cold chain facilities.

And then also 'yung ating possible early rollout ng COVAX. And then also 'yung mga clinical trials na ginagawa po ng DOST.

[Next slide, please.]

Makikita po…

PRESIDENT DUTERTE: Isa lang. Are you really sure we have the cold storage available?

SEC. GALVEZ: Yes, sir. Sir, napakaganda po, sir, ng mga cold storage na pinuntahan po natin. At mamaya po, sir, maibi-brief po natin 'yung mga cold storage, iyong apat pharma-grade. Dalawa pa lang po ang na-ano --- nabibisita po natin. Bibisitahin po natin din 'yung Royal at --- Royal Cargo at saka 'yung ibang mga pharma-grade cold chain.

Nakikita ko po --- nakikita ko po, Mayor, prepared po tayo. Kaya po natin makuha ang mga vaccines, including Pfizer at saka Moderna, mayroon po tayong kakayahan po. At mayroon rin pong ultra-cold chain na refrigerator na kabibili po 'yung RITM na kaya pong magkarga ng more than 1 million na vaccine sa negative 70 po.

PRESIDENT DUTERTE: Iyong ano kasi 'yung integrity ng vaccines would depend on the required storage temperature.

SEC. GALVEZ: Yes, sir. At saka ano, sir, very professional po 'yung handlers, well-trained at alam po nila 'yung ano, how to handle…

PRESIDENT DUTERTE: I think they have been in that business also for so --- for so long.

SEC. GALVEZ: Yes, sir. At saka, sir, 'yung Zuellig at saka 'yung Unilab and also 'yung Royal Cargo. Iyong Zuellig, sir, mayroon silang ultra-cold chain din po dito na more or less 500,000 ang kayang ikarga, pati po ang Cebu. So iyon po ang ina-ano po namin na puwede po nating i-ano, i-contract.

PRESIDENT DUTERTE: Yes, sir.

SEC. GALVEZ: Opo. So ito po 'yung global vaccination campaign na ginagawa po ng ating WHO at saka 'yung ibang mga countries. Kung makikita po natin po ngayon 65 point million na po ang --- ang na-administer na doses. Meaning, more than 30 million na po ang na-vaccine --- na-vaccinate natin.

Nakita po natin sa Southeast Asia, dalawa lang po na country ang ano, ang nagkakaroon ng vaccination, limited, nandoon po ang Indonesia at saka po 'yung Singapore. Ibig sabihin, 'yung ibang countries po, even Japan, hindi pa po nagsisimula dahil mayroon po tayong ano, mayroon po tayong kakulangan sa supply. At the same time ang kanilang planning is more or less Q1 po --- Q1 pa rin po.

[So next slide, please.]

So kung titingnan po natin para magkaroon po ng confidence ang ating mga mamamayan, 'yung halos apat dito po sa nakuha po natin na vaccine ay widely used na po.

Katulad po ng ano, ng Pfizer na kukuha rin po tayo, mayroon pong 35 million na po na nabakunahan; iyong Sinopharm mayroon pong seven --- 7 million, 7.2 million; iyong Sinovac na darating po sa atin, mayroon din na pong 6.1 million; iyong CanSino, 35 --- 5 million; AstraZeneca, more or less 1 million; at saka po 'yung Gamaleya.

Sir, ito po ang medyo may problema po tayo na talagang dapat po pagtulungan po natin. Alam po namin na malaki po ang maitutulong ng ating Mayor, Presidente, Mr. President, kasi po talagang bumababa po 'yung willingness at saka 'yung uptake ng ating mga kababayan dahil nga po sa mga tinatawag nating mga nakikitang mga adverse effect ng certain brands, at the same time, malakas po 'yung ano, 'yung social media ng mga anti-vaxxers.

So ito po malaki pong ano, malaki pong hamon po ito at tinutulungan po tayo ni Spox, nandito po si Secretary Roque. And every ano, every Wednesday po regular po ang DOH at ang NTF na lumalabas po sa PIA. Nagkakaroon na tayo ng tinatawag nating ano na 'yung Explain, Explain, Explain.

At the same time, tumutulong din po 'yung business sector, sila Margot, sila --- sila George Royeca na 'pag ano po, 'pag tatahi-tahi ng mga --- mga kuwento para at least ano, ma-improve po 'yung ating public uptake.

Nagawa na rin po natin ito noong during testing na --- at saka during ng nagkaroon tayo ng Ingat Angat Para Sa Lahat na naging maganda po 'yung tinatawag nating ano, 'yung improvement sa minimum health standard.

So 'yon po ginagawa po namin every ano po every Monday, nag-uusap-usap po ang lahat ng mga ano, ng mga business sector para tulungan po tayo para maging --- ma-improve po 'yung public uptake po ng ating mga kababayan sa bakuna.

At gagawa --- gagawa po sila ng ano, ng Ingat Angat Bakuna Lahat parang mayroon po silang gagawing programa para maging maganda po ang inoculation po natin sa buong bansa.

Maraming salamat po, Mr. President. Iyon lang po ang report ko po.

PRESIDENT DUTERTE: Now, we can have the report of Secretary Duque.

DOH SECRETARY FRANCISCO DUQUE III: Maraming salamat po, Mr. President. Magandang gabi po, Senator Bong Go, chair of the Senate Committee on Health and Demography; my fellow members of the IATF and the Cabinet; muli sa atin pong mga kababayan, magandang-magandang gabi po.

At hayaan po muna ninyong makapagbigay po ako ng updates patungkol po sa ating COVID-19 response.

[Next slide]

Ngayon pong --- as of January 25, 2021, mayroon na po tayong total of 514,996 confirmed cases of COVID-19 and mayroon po tayong nadagdag na 1,581 na bagong kaso as of today.

Ang atin po namang recoveries ay nasa 92.3 percent. Ito naman po ay magandang number ito, Mr. President, mataas po 'yung recovery rate natin.

Although, of course, nakakalungkot po ay mayroon pa rin pong pumapanaw at sa ngayon po mayroon tayong 10,292 cumulative deaths and ang case fatality rate po ay nasa two percent.

Bukas po pag-uusapan ng IATF ang amin pong monthly recommendation na ibibigay po namin sa inyo, Ginoong Pangulo, for a possible change in the community quarantine statuses.

So ang Davao de Oro, Compostela Valley, Baguio City are at critical level healthcare utilization rate. Ang Nueva Vizcaya and Agusan del Norte are at high level HCUR.

So patuloy po ang aming pakikipag-ugnayan sa atin pong DOH Centers for Health Development, ang DILG at mga LGUs upang mapigilan ang patuloy na pagtaas ng mga kaso sa pamamagitan ng ating PDITR strategies lalo na ang atin pong mga pagsunod sa minimum public health standards.

Maraming salamat po, Mr. President, for the opportunity to report.

PRESIDENT DUTERTE: Thank you.

SEC. DUQUE: And handa po akong sumagot sa inyo pong mga katanungan.

PRESIDENT DUTERTE: May we hear from Secretary Lorenzana?

DND SECRETARY DELFIN LORENZANA: Good evening, Mayor, and colleagues.

Base po sa pag-uusap namin ni Secretary Galvez, kung importante po 'yung pag-aangkat ng bakuna ay sa tingin namin mas importante 'yung rollout kasi po 'pag hindi natin naplano ito nang mabuti ay baka masiraan tayo ng bakuna. Sayang po 'yon.

Kaya po tinanggap namin 'yung alok ng --- ng Go Negosyo ni Joey Concepcion na bigyan ng pagsasanay o training ang ating military-medical personnel para sila ang kasama sa pagbabakuna sa ating mga tao, lalong-lalo na sa mga probinsiya. Tinanggap po namin 'yung alok nila at mag-uumpisa po 'yung training nila, I think, next week at matatapos ito bago dumating 'yung bakuna.

Ito po sa pag-roll out naman ay napag-alaman ko sa --- napag-alaman ko sa Philippine Navy na mayroon silang apat na barko na may mga freezers na ang range ng temperature ay 15 --- -15 to -18 degrees. Apat po 'yan. Ang capacity po lahat niyan --- total capacity ay five tons. Puwede po nating gamitin ito 'pag magta-transport ng bakuna mula Manila at sa mga islands dito sa Visayas at saka dito pa sa Luzon siguro.

Iyon po na pong --- Philippine Coast Guard naman ay mayroon silang siyam na barko na ang temperature range ng kanilang mga freezer ay 20 to 25 degrees minus. So this is ideal, Mr. President, to transport also. Ang capacity po in total is about 526 cubic feet. So malaki-laki rin po 'yon.

Ngayon po doon sa rollout na 'yan at ang Armed Forces po ay nasa forefront ng rollout kasi mayroon tayong --- marami tayong hospital --- hospitals ng mga Army at saka Armed --- 'yung area commands na nagkalat sa buong bansa.

Ito pong report ko sa OFWng dumarating ay mayroon na tayong napauwi na 417,542 as of yesterday, Mr. President. Iyon lang po, Mr. President.

PRESIDENT DUTERTE: Wala na ba tayo, Bong? Ang bati?

Well, I said, we're winding up and I'd like to end by saying that the only salvation, actually, for those who have not been sickened with COVID-19 and pending the rollout of the vaccine is really that you follow the protocol of --- imposed by government.

Pagka sinunod ninyo 'yan, then you have a great chances of not --- not getting it or at least when you get it, there's already the bakuna, then it will somehow mitigate the --- give you the relief of the… *[Anong tawag nito?]* May naisip ako kanina na ano nito eh, the propensity of this microbe to multiply, to increase.

So ganoon na lang po. Nakinig naman kayo and, well, the report papareho lang, kung nakanood kayo sa PowerPoints, ganoon pa rin. It's still dangerous, follow the protocols of preventing it, if at all, and hopefully wait for the rollout of a vaccine. It's a --- malapit na po.

Again, to the Filipino people, 'yung gustong maniwala doon sa mga opposition pati 'yung mga nagpo-porma, eh 'di doon kayo. Kung maniwala kayo sa amin, eh 'di dito kayo.

But hindi 'yan totoo na --- I take exception to itong statement that they were able to prevent corruption or an overprice because of their vigilance. No. Far from it actually. You were just muddling up --- it's a muddled --- ginugulo lang ninyo. Matagal pa 'yan at dadaan pa 'yan kay Dominguez and you know how Dominguez is. Tignan mo kung makalusot 'yan kay Dominguez. Okay 'yan.

It's not --- that is not the end of everything. I mean, Galvez is not --- the decision of Galvez is not the --- I said, the sum total of it all. It has to be reviewed.

And finally, sa akin rin, I will take a look and ask around if it is really a reasonable pricing for us.

--- END ---